

1

“Ako naman ang pagbigyan mo, Rob,” sabi ni Vivian sa asawa habang nag-aalmusal sila sa may halamanan. “Minsan lang mangyari ito sa akin, palalampasin ko pa ba ang isang pagkakataong tulad nito? Pinaghirapan ko ito. Hindi mo ba ako nauunawaan?”

“At ako, hindi mo rin ba ako nauunawaan o talagang ayaw mo lang kaming unawain? Paano ang mga bata? Paano kami?” tanong ng lalaki. “Malayo ang Zamboanga.”

“Please, Rob. Intindihin mo sana ako. Bigyan mo naman ako ng laya na ma-realize ang mga pangarap ko para sa sarili ko,” sabi ng babae. “Minsan nang nawala sa akin ang oportunidad nang pakasal ako sa’yo, nang maging ina ako ng ating mga anak.”

“Sinusumbatan mo ba ako?” agad na sambit ng lalaki, nasaktan sa tinurang iyon ng babae.

“Hindi sa ganoon. Gusto ko lang ipagpatuloy ang naiwan ko. Ayoko namang dito lang maglagi sa bahay. Ano’ng gagawin ko dito?” pangangatwiran naman ng babae. “Bantayan ang paglaki ng mga bata?”

“Iba pa rin ang narito ka. Mayroong security ang mga bata at lalaki silang normal tulad ng ibang mga kabataan.”

“Nariyan naman kayo ni Yaya Doring para subaybayan sila, hindi ba?”

“Ayaw mong tumanggap ng rason, Vivian. Talagang set na ang mind mo sa pag-alis,” sabi ni Rob. “Bakit mo pa ako kinonsulta kung ganyang hindi ka rin pala papipigil? It’s useless talking to you.”

“Rob...”

“Bahala ka sa gusto mong mangyari,” sabi ng asawa, sabay alis.

Nang bumalik si Rob sa kanilang bahay, hindi na niya dinatnan si Vivian. Nag-iwan na lamang ito ng maikling liham. Inaasikaso na nito sa opisina ang tungkol sa nalalapit na pag-alis.

Nagpupuyos ang damdaming nilamukos ng lalaki ang kapiirasong papel. Iniwan niya iyong nakakalat sa ibabaw ng mesa. Pumasok siya sa living room. Pinagmasdan niyang mabuti ang mansyon na tinitirhan nila.

Maganda at moderno ang kanilang tahanan. Matagal-tagal din ang panahong iniukol niya upang maipundar ang lahat ng iyon. Lahat ay ginawa niya upang umangat ang estado niya sa buhay, upang maibigay ang lahat sa kanyang pamilya, lalo na kay Vivian. Ngunit bakit ganoon? Parang hindi pa rin kontento ang kanyang kabiyak?

Maybe I was a little harsh, naisip niya. After all, matalino ang asawa ko. Sayang naman kung hindi niya magagamit ang kanyang pinag-aralan, kung mabuburo lang siya rito sa bahay.

Ngunit sino'ng niloloko niya? Batid niya, sa hindi malamang dahilan, unti-unting nagkakaroon ng lamat ang kanilang pagsasama.

Kasalukuyang gumagamit ng stationary bike si Vivian nang dumating ang kanyang kaibigang si Nenette Valdez, ka-batch niya sa aerobics class na iyon at matagal na rin niyang kaibigan.

“Hi!” bati ni Nenette. “Kumusta ka na? Bakit ngayon ka lang nag-attend ng class?” sabi pa nito. “Akala ko tuloy, talagang umayaw ka na.”

“Ang dami ko kasing trabaho. Hindi ko na nga maisingit sa schedule ko itong klase natin. Ikaw kasi, pinilit-pilit mo pa akong sumama sa ‘yo.’”

“Ikaw naman. Exercise keeps you going. Hindi mo ba alam iyon?” sabi ng babae. “At kung hindi mo talaga gusto, bakit ka narito ngayon?”

“Sayang ‘yung ibinayad ko, ano? At aaminin ko, hinahanap-hanap ko rin. Nakasanayan na kasi.”

“See what I mean?”

Nag-warm-up na rin si Nenette sa katabing bike.

“How’s everything at home? How’s that handsome hunk of a husband of yours?” kumikindat na sabi ni Nenette sa kaibigan.

“Loka! Sabi ko na nga ba’t M.A.P. ka sa asawa ko, e,” natatawang sabi ni Vivian.

“M.A.P? Ano ‘yon?” nakangiti lang na sambit ng kausap.

“Malaki ang pagnanasa,” sagot ni Vivian.

Nagkatawanan silang dalawa.

“And the kids? How are they?”

“They’re just fine.” Iyon lang ang isinagot ni Vivian. Wala naman talaga siyang masasabi tungkol sa kanyang mga anak. Ipinauubaya niya ang mga bata sa kanilang yaya, kay Yaya Doring. Kinukuha kasi ng trabaho ang lahat ng oras niya.

“I got promoted, Nenette. What do you say to that?” sabi ni Vivian, agad na iniba ang paksa.

“Wow! Talaga?” masayang nasabi ng kaibigan. “I’m happy for you. And I know you deserved it! Congratulations! Blow-out naman, o!”

“Sure! Huwag lang ‘yung nakakataba, ha? I have a figure to maintain.”

“Para kanino? Kay Rob?” tukso ni Nenette.

“Whatever,” matabang na sagot ni Vivian.

Mayamaya pa’y tinawag na sila ng instructor. Magsisimula na ang kanilang session for that day. Sumunod na ang dalawa sa loob ng exercise room.

Sinisikap tapusin ni Rob ang binabasa niyang libro nang gabing iyon. Ngunit pakiramdam niya’y mabigat na mabigat ang mga talukap ng kanyang mga mata habang napapahikab siya.

Napasulyap siya sa orasang nakasabit sa dingding. Mag-aalas-diyes na pala ng gabi. Isinara na niya ang kanyang libro. Ipagpapatuloy na lamang niya ang kanyang pagbabasa sa ibang araw.

Dahan-dahan siyang umakyat sa mahabang staircase patungo sa ikalawang palapag ng magandang bahay na iyon. Sa pinakadulo ng palapag matatagpuan ang master’s bedroom.

Pumasok siya. Bukas pa ang ilaw, ngunit nakita niyang nakahiga na si Vivian. Gising pa ang babae. Lumapit si Rob. Lumuhod siya sa sahig at hinagkan ang batok ng babae. Balak niyang humingi ng paumanhin sa inasal niya noong isang araw.

“Mami-miss kita,” sabi ng lalaki habang niyayakap ang babae. “I love you,” masuyo niyang bulong.

Ginawaran ng lalaki ang babae ng isang halik. Nagbigay ang asawa, ngunit nang magtagal ay umiwas si Vivian.

“Rob, I can’t,” nasabi nito habang iniiba ang posisyon ng pagkakahiga. “I have to get up early so I can catch my flight. Please, not tonight.”

Na-misinterpret na naman siya ni Vivian, ngunit hindi na niya inukilkil iyon. Lalo lamang silang magkakalabuan. Napahinga na lamang nang malalim si Rob. Hindi niya ipinahalatang disappointed siya.

“Okay. No problem,” sabi ni Rob habang tumatayo mula sa sahig. “Sweet dreams.”

Pinatay ng lalaki ang night lamp sa tabi niya. Nahiga na rin siya sa kama upang matulog, ngunit tila tinatakan siya ng kanyang antok.

What’s happening to us, Vivian? naitanong ng kanyang isipan.

Naging indifferent si Vivian nang iniluwal niya ang kanyang bunsong anak na si Cristina. Hindi na siya ang Vivian na nakilala ni Rob may ilang taon na ang nakakaraan. Kinain na siya ng kanyang ambisyon. At ang ambisyong iyon ang nagsara kay Rob at sa mga bata sa buhay ng babae.

Kinuha ng trabaho ang atensyon ni Vivian. Hindi siya napipirmi sa bahay. Lagi itong wala. Lagi na lamang nakikipagkumpitensya ang kanyang pamilya para man lang

matapunan ng kahit kaunting panahon.

Nakakalungkot isipin na ang damdaming minsan nilang naramdaman at pinagsaluhan ay tila unti-unting nabubuwag. Parang mga butil ng buhanging sumasama sa paghampas ng tubig sa dalampasigan.

Sa pakiwari ni Rob, ang lahat ay dahan-dahang nasisira: ang kanilang marriage, ang kanilang pamilya, ang kanilang relasyon, ang kanilang pag-ibig.

Wala nang natitira pa sa kanya kundi ang mga alaala at ang bunga ng kanilang pagmamahalan, ang tatlo nilang mga anak: sina Margo, Russell at Cristina. Mahal pa rin niya si Vivian, ngunit ang damdaming iyon ay unti-unti na yatang naglalaho... namamatay.

Pumunta si Rob sa Valle Verde Country Club kung saan isa siyang miyembro. Pinilit niyang okupahin ang kanyang oras. Hindi niya hinayaang makapag-isip pa ang kanyang utak. Depressed na depressed siya. Hindi mailalarawan ang kahungkagan na nararamdaman niya nang mga oras na iyon.

Habang nakaupo siya sa reception area sa lobby ng club, nakita niya ang mag-asawang Grace at Mario Castañeda. Matagal-tagal na rin niyang hindi nakikita ang pinsan magmula nang magpakasal ito kay Mario, dalawang taon na ang nakakalipas.

“Grace! Long time no see,” natutuwang bati ni Rob sa paboritong pinsan.

“Hi, Rob!” bati ni Grace habang humahalik sa lalaki.

“Maiwan ko muna kayong magpinsan. Maglalaro lang kami ni Mike,” paalam ni Mario nang makita ang ka-tennis match.

Niyaya ni Rob si Grace sa mini-restaurant ng club. Pumuwesto sila sa lugar na matatanaw nila ang tennis courts.

“Kumusta ka na? Si Vivian, kasama mo ba?” tanong ni Grace habang umuupo sila sa mesa.

“Mabuti naman kami,” sagot ng lalaki sa unang tanong. “Nasa Zamboanga si Vivian. Ipinadala siya ng kompanya niya.”

“Talaga? That’s great!” sincere na komento ni Grace. “Mabuti naman at maganda ang takbo ng trabaho niya.”

Natahimik ng ilang sandali si Rob. Nakahalata si Grace. Bukod kasi sa magkababata ang dalawa, kilalang-kilala na nila ang isa’t isa. Kaya hindi nakalampas sa babae ang pananahimik ng lalaki.

“Is there something wrong, Rob?” pag-aalala ng babae.

“Wala.”

“Anong wala? Come on, Rob. I know you,” sabi ni Grace. “Pati ba naman ako, paglilihiman mo pa?”

Naputol ang kanilang pag-uusap nang dumating ang waiter, dala ang orange juice at coffee na inorder nila.

“Bahala ka kung ayaw mong magkuwento. Pero kung kailangan mo ng mahihingahan ng problema...”

“Grace, wala akong problema,” pagputol ni Rob, lumabas ang pilit na ngiti.

“Whatever you say,” sabi ni Grace, ngunit tila hindi ito kumbinsido. “Okay, let’s talk about something else.”

“Ikaw, kumusta na kayo?” tanong ni Rob, inilalayo ang topic sa sariling buhay. “Si Alicia, kumusta?”

Proud na proud namang nagkuwento ang ina tungkol sa kanyang anak. Ang mga kapilyahan nito, ang mga nakakatuwang sitwasyon. Nakikinig lamang si Rob, nasisiyahan sa mga ginagawa ng kanyang munting pamangkin sa pinsan.

“Dalhin mo naman sa bahay si Alicia. Tiyak ko, matutuwa ang mga bata kapag naroon siya,” sabi ni Rob.

“Bahala na, Rob. Kapag may spare time ako. Alam mo namang busy ako sa bahay.”

“Bakit kasi hindi ka pa kumuha ng maid para may makatulong ka sa bahay,” mungkahi ni Rob sa pinsan habang nilalagyan ng cream ang kanyang kape.

“At iasa lahat sa katulong ang mga gawaing ako dapat ang

personal na nag-aasikaso?” sabi ni Grace. “I’m not satisfied that way, Rob. Gusto ko, ako mismo ang nag-aalaga sa aking mag-ama. Di ba kaya nga nagpamilya ka ay dahil kaya mo na ang lahat ng responsibilities?”

Nainggit bigla si Rob kay Mario. Bukod sa mabait si Grace, maalalahanin pa ito. Talaga namang asikasung-asikaso ng babae ang kanyang pamilya.

Pinasok ng lungkot ang puso ni Rob. Ganoon dati si Vivian. Ngunit bakit nagkaganoon? Nagsawa na ba ang kanyang asawa?

Pesteng trabahong ‘yan, paninisi ng kanyang utak.

Pilit na inalis ni Rob ang mga pumapasok sa kanyang isipan. Hinding-hindi siya patatalo sa self-pity. Wala siyang panahon upang magpatalo sa isang paralyzing emotion.

Napasulyap ang lalaki sa entrance ng lobby. Doon nagawi ang atensyon ni Rob.

Isang babae ang nakita niya. Mahaba ang buhok. Maputi ang kutis na tila porselana. At habang naglalakad ito papasok ng club, mahihinuhang galing sa nakakaangat na pamilya.

Maganda ang tindig ng babae, at mahusay itong magdala ng damit. Kaswal lang ang suot nito, naka-slacks na beige at kulay blue na blouse. Ismarteng-ismarte ito at sopistikada talaga ang dating.

Sino kaya ang babaeng ito? naitanong niya sa sarili. Hindi

maialis ni Rob ang kanyang pagkakatingin sa babae, tila nabighani ng kagandahang iyon.

“Hoy, Rob! Nakikinig ka ba?” Si Grace.

“Ha?” parang nagising na sabi ni Rob. “I’m sorry. What were you saying?”

Dumaan ang babae sa may mesa nila. Nakita ni Rob na nakikipag-usap ang babae sa kaibigan niyang si Jonathan Martinez. Sinikap niyang makuha ang atensyon ng lalaki, ngunit hindi naman niya maiwan ang kanyang pinsan.

Hindi niya maipaliwanag kung bakit ganoon na lang ang naramdaman niyang attraction sa hindi nakikilalang babae. Ngunit may malakas siyang pakiramdam na magiging bahagi ito ng kanyang buhay.